Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-54 NA KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-25 NG HULYO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 218-2023**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - KGG. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD - KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI KGG. TOMASA CAJANDING SAN PEDRO - DATING BARANGAY KAGAWAD AT KASALUKUYANG MIYEMBRO NG LUPONG TAGAPAMAYAPA NG BARANGAY TIKAY, LUNGSOD NG MALOLOS, LALAWIGAN NG BULACAN.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE "AYEE" CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** nitong ika-14 ng Hulyo, taong kasalukuyan, ay pumanaw si Kgg. Tomasa Cajanding San Pedro, 88 taong gulang, Dating Barangay Kagawad at kasalukuyang miyembro ng Lupong Tagapamayapa ng Barangay Tikay, Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** ang kaniyang pagyao ay malaking kawalan hindi lamang sa kaniyang mga anak na sina Luz, Roberto, Wilfredo, Alicia, Jovita at Adora, kaniyang mga kaanak, ngunit pati na rin sa buong mamamayan ng Barangay Tikay;

**SAPAGKAT,** siya ay nagtala ng paglilingkurang publiko bilang Dating Barangay Kagawad at siya ngayon ay kasalukuyang naglilingkod bilang isa sa Miyembro ng Lupon Tagapamayapa ng kanilang barangay;

**SAPAGKAT,** bilang isang lingkod bayan ay naipagkaloob niya ang isang wagas, tapat at dalisay na panunungkulan, sa pamamagitan ng pagsasaayos at pagpapanatili ang katahimikan at kaayusan sa kaniyang barangay;

**SAPAGKAT,** bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa isang lingkod madla na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang serbisyo publiko;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni **Kgg. John Vincent G. Vitug III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taos-pusong pakikiramay ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod - Kgg. Christian D. Natividad at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod - Kgg. Miguel Alberto T. Bautista sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si Kgg. Tomasa Cajanding San Pedro - Dating Barangay Kagawad at kasalukuyang Miyembro ng Lupong Tagapamayapa ng Barangay Tikay, Lungsod ng Malolos, Lalawigan ng Bulacan.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*07242023